



gikan sa

Ispesyal na Isyu 4 | Agosto 2019
Taon XLIV Blg. 7

an dakulang sulo

Rebolusyonaryong pangmasang pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bagong Hukbong Bayan sa Rehiyong Bikol

PINATITINDING PANDARAMBONG AT PANUNUPIL

ISPESYAL NA ISYU HINGGIL SA ATAKENG NEOLIBERAL NG REHIMENG US-DUTERTE



Sa dikta ng imperyalismong US at lokal na naghaharing-uri, ipinatutupad at pinalalawak ng rehimeng US-Duterte ang pinakamasasahol na patakarang neoliberal para sa pinasisidhing pandarambong at panghuhuthot sa likas na yaman at murang lakas paggawa sa bansa. Masugid na itinutulak ng rehimen ang liberalisasyon sa kapital at pamumuhunan, pribatisasyon ng mga pampublikong pag-aari at deregulasyon at denasyunalisasyon ng ekonomya upang panatilihin ang bansa bilang tagapag-eksport ng hilaw na materyales at nakaasa sa pag-angkat ng mga kalakal na pangkonsumo at pamproduksyon.

Sa pamamagitan nito, napapahigpit niya ang suporta ng imperyalistang US at ilang pangkatin ng lokal na naghaharing-uri sa kanyang layuning makapanatili sa pwesto lampa sa kanyang termino sa ilalim ng isang pasistang diktadura.

Matitiyak din nito ang burukrata-kapitalistang paghahari ng kanyang pangkatin sa bilyun-bilyong kikback at kurakot sa mga dayuhang korporasyon at mga lokal na oligarko.

Pinalalala ng Neoliberalismo ang Krisis ng Pandaigdigang Sistemang Monopolyo Kapital

Sa kasalukuyan, umiiral ang isang pangmatagalan at higit na malaganap na depresyong pang-ekonomya sa buong daigdig. Sa kaibuturan nito ay ang krisis ng labis na produksyong lalong pinalubha ng walang kapantay na pagkakamal ng tubo at akumulasyon ng kapital. Idinulot nito ang tumitinding inter-imperyalistang hidwaan sa pagitan ng mga nangungunang imperyalistang bansang US, Rusya at Tsina tungo sa panibagong hatian ng merkado, teritoryo at kapangyarihan sa daigdig.

Hindi pa man lubusang nakababawi sa huling lundo ng pandaigdigang krisis noong 2008, dinaranas nito ngayon ang yugto ng istagplasyon.

Nagbabala maging ang mga imperyalistang ahensyang katulad ng International Monetary Fund at World Bank sa maari pang istagnasyon ng ekonomya. Inaasahang babagal pa ngayong taon sa 2.9% ang paglago ng pandaigdigang ekonomya at ibayo pa itong bababa sa 2.8% pagsapit ng taong 2020.

Nakaamba ang panibagong krisis pampinansya hatid ng walang kapantay na paglobo ng pandaigdigang utang mula sa kabang-bayan sa layuning isalba ang mga higanteng bangko, mga monopolyo-kapitalistang kumpanya at institusyong pampinansya. Ang \$244 trilyong pandaigdigang utang ay lampas doble sa kabuuhan halaga ng kasalukuyang pandaigdigang produksyon. Sa tangkang pahupain ang ibayong paglobo ng utang at idinudulot nitong implasyon, inaasahan ang pagtigil ng yugto ng labis na pag-imprenta ng salapi.

Patuloy ang pagbagsak ng pandaigdigang produksyon bunga ng pagkawasak ng mga industriya at

agrikultura. Pangunahing tinamaan ang sektor ng manupaktura kabilang ang awtomotib, bakal at langis. Tumigil ang pagdaloy ng kapital at dumausdos ang tantos ng tubo ng mga nanatiling nakatindig na kumpanya. Samantala, linamon ng mga dambuhalang multinasyunal na kumpanya ang kanilang mga nabangkaroteng kakumpitensya. Idinulot nito ang pinakamataas na tantos ng disempleyo sa 5% magmula nang nakaraang resesyon.


Ginagamit ng mga kapitalistang bansa ang iba't ibang patakaran sa paghihigpit ng sinturon para ipasa sa mamamayan ang krisis pampinansya. Kabilang dito ang pagtataas ng edad sa pagretiro, pagbabawas sa pondo para sa mga serbisyong pampubliko, pagpapanatiling mababa o pagkaltas sa sahod at pagtataas ng buwis.

Hindi napigilan maging ng mga nangungunang imperyalistang kapangyarihan ang hambalos ng krisis maging sa kanilang sariling bansa. Patuloy ang pagdausdos ng ekonomya ng US sa kabila ng pagsalig sa proteksyunismo, pagpapababa ng buwis ng mga korporasyon, labis na produksyon ng langis, at paglulunsad ng gera sa kalakalan laban sa mga karibal na imperyalistang kapangyarihan. Katumbas ng 45% ng halaga ng buong ekonomya ng bansa ang utang nito. Samantala, \$621 bilyon ang depisito nito sa kalakalan. Ang mga tantos na ito ay pinakamalalaki matapos ang isang dekada.

Hindi naisalba ang Tsina ng pinakamalaking programang pang-imprastruktura sa kasaysayan, ang Belt Road Initiative (BRI), mula sa kinakaharap nitong krisis ng labis na produksyon. Pinakamababa sa loob ng tatlong dekada ang 6.6% na paglago nito sa ekonomya. Samantala, bumaba sa 1.3% ang paglago ng

ANO ANG ISTAGPLASYON?

Ang istagplasyon ay isang kaganapang pang-ekonomya sa panahon ng imperyalismo kung saan hindi gumagalaw ang pang-ekonomyang aktibidad (istagnasyon) ng bansa habang nagtataasan ang mga presyo ng bilihin at bayarin (implasyon), kasabay ng dumaraming bilang ng mga walang hanapbuhay.



ekonomya ng European Union at ilan sa mga bansang kabilang dito ay dumaranas na ng resesyon.

Tumumal ang paggalaw ng pandaigdigang kalakalan ng 58% matapos magpataw ng mga proteksyunistang patakaran ang mga imperyalistang bansa sa desperasyon nitong pigilan ang pagbulusok ng ekonomya. Humina rin ang paglabas ng kapital ng 65% mula 2007-2017.

Bagamat nananatili pa rin ang US bilang nangungunang kapangyarihan sa daigdig, higit na humihina ang kakayanan nitong panghawakan ang pusisyong ito sa harap ng tumitinding girian para sa panibagong multipolar na pandaigdigang kaayusan.

Agresibong ilinunsad ng US ang pandaigdigang gera sa kalakalan laban sa Tsina. Itinaas ng US sa 25% ang taripang ipinataw nito sa \$200 bilyong halaga ng produktong Tsino matapos pansamantalang kanselahin ang usapang kalakalan sa pagitan ng dalawang bansa. Tumugon ang Tsina sa pagtaas ng buwis sa \$110 bilyong halaga ng produkto ng US. Nagpapaligsahan ang mga imperyalistang kapangyarihan sa pagmonopolyo ng langis at lupa sa mga malakolonyang bansa. Bilang pantapat sa BRI, ipinasa ng US ang BUILD Act na lumilikha ng International Development Finance Corporation (IDFC). Katambal ang 'Cascade Approach' ng IMF-WB, layunin nitong pondohan ang malawakang pangangamkam ng lupa para buksan ang mga ito sa malalaking dayuhang monopolyo sa agri-bisnes.

Lumalakas ang banta ng gera dulot ng lumalalang inter-imperyalistang tunggalian. Bumitaw ang US sa kasunduang Intermediate-Range Nuclear Force Treaty (INF) upang madaliin ang paglikha ng mga panibagong armas nukleyar. Patuloy din itong naglulunsad ng mga proxy war sa mga bansa sa Gitnang Silangan. Sa Asya-Pasipiko, nalalapastangan ang soberanya ng Pilipinas sa gitna ng papakulong tunggaliang militar ng US at Tsina sa West Philippine Sea.


Sa harap ng tumitinding imperyalistang agresyon sa ekonomya at militar, ibayong sumisiklab ang lahatang-panig na paglaban ng mamamayan sa buong daigdig. Tampok ang paglaban ng mamamayang Pranses laban sa mga patakarang pagtataas ng buwis at paghihigpit. Milyun-milyong masang Venezuelang nagprotesta bilang suporta sa gubyernong Maduro laban sa panghihimasok ng US.

Sa mga malakolonya at atrasadong bansa kung saan pinakamalakas ang imperyalistang panghihimasok at pandarambong, ilinulunsad ang iba't ibang antas ng mga pambansa at demokratikong pakikibaka. Sa Pilipinas, isinusulong ang digmang bayan laban sa imperyalistang atake sa ilalim ng pasista't teroristang rehimeng US-Duterte.

Ibayong Pinalalala ng Atakeng Neoliberal ng Rehimeng US-Duterte ang Krisis ng Sistemang Malakolonyal at Malapyudal

Pinanatiling bansot, atrasado at pre-industriyal ang ekonomya ng bansa ng mga patakarang neoliberal. Sa ilalim ng liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan, deregulasyon at pribatisasyon, nauwi ang bansa bilang tagapagluwas ng hilaw na materyales, balon ng murang paggawa at tagapag-angkat ng mga kalakal na pamproduksyon at pangkonsumo. Dahil nakatuon ang lokal na ekonomya sa pagpapalawak ng dayuhang kapital, ibayong nalulumpo ang lokal na pwersa ng produksyon habang ang likas-yaman at ang likhang-yaman ng bansa ay dinadambong ng mga korporasyong multinasyunal at kasabwat nitong lokal na naghaharing-uri.

Matapos ang mag-aapat na dekada nang pananalasa ng neoliberalismo, inabot na ng lokal na ekonomya ang walang-kapantay na pagbulusok. Idinulot nito ang papasidhing kahirapan, papabagsak na produksyon, lumulobong utang at depisito sa kalakalan at badyet, lumulubhang



krisis sa trabaho at agrikultura, tumataas na presyo ng bilihan at bumababang kita sa kabuhayan. Sa kabila nito, masugid na iginigiit ng rehimeng US-Duterte ang neoliberal na kaayusan at iwinasiwas ang mga diumano'y tantos ng pag-unlad ng bansa. Pinagtatakpan ang malaganap na kahirapan at krisis sa ekonomya gamit ang minanipulang mga estadistika upang palabasing lumiliit ang bilang ng mahihirap at naghahatid ng pag-unlad ang mga patakarang neoliberal. Ayon sa gubyrno, sapat na umano ang P10,461 para mamuhay nang disente. Ang napakababang pamantayang ito ang ginagamit upang ibayong ipagkait sa mga manggagawa ang nakabubuhay na sahod at maayos na trabaho.

Ngunit hindi matabingan ng reaksyunaryong gubyrno ang dahilan ng pagbaba maging ng mga salik sa mababaw na pagsikad ng ekonomya. Halimbawa nito ang paghina ng mga remitans o padala ng mga migrante, eksport, at tuwirang dayuhang pamumuhunan o foreign direct investments (FDI) dala ng nagaganap na pagbagal ng pandaigdigang ekonomya at gera sa kalakalan. Sa kabila ng pagpapatupad ng mga ibinabanderang neoliberal na programa ng rehimen, bumaba sa 5.6%, mula sa 6.2% noong 2018, ang antas ng paglago ng export-oriented at import-oriented na ekonomya ng bansa.

Dahil nakatuon ang neoliberal na patakarang pangangailangan ng dayuhang kapital, ibinunga nito ang patuloy na pagbagsak ng mga tunay na saligan ng ekonomya.

Noong 2018, pinakamababa ang paglalong 0.8% ang agrikultura mula 4% at ambag na 8.5% sa ekonomya ng bansa.

Nananatiling walang tunay na reporma sa lupa. Sa halip, lalong naging malaganap ang pangwawasak sa kabuhayan ng mga magsasaka dulot ng malawakang pangangamkam at pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural at pampublikong lupain hindi na lamang ng mga panginoong maylupa at dayuhang korporasyon kundi maging ng reaksyunaryong gubyrno.


Nananatiling mababaw at bansot ang manupakturang palaasa sa dayuhang kapital at teknolohiya. Patunay rito ang nabangkaroteng Hanjin, isang dayuhang kumpanyang gumagawa ng barko. Matapos ang higit isang dekadang operasyon sa Pilipinas, hindi nakalikha ng nagsasariling industriya ng barko ang bansa.

Taun-taong nalulugi ang bansa sa panlabas na kalakalan. Pinakamatataas sa kasaysayan ang depisito sa kalakalan sa P50.9 bilyong at P558.3 bilyon naman sa pambansang badyet. Bunga ito ng pagtutok at labis na paggastos ng gubyrno para sa mga proyektong panandaliang nagpapasikad sa ekonomya ng bansa. Upang tustusan ito, labis na umaasa ang bansa sa pautang at FDI.

Umabot na ang pangkalahatang utang ng bansa sa P7.5 trilyon. Para sa taong 2018, umutang ang bansa ng P946.7 bilyon. Inaasahan pa itong lumaki dahil tinatarget ng gubyrnong umutang ng P1.2 trilyon para sa kasalukuyang taon. Lalong lalaki ang halagang ito bunga ng patuloy na pagbaba ng halaga ng piso na pumalo sa abereyds na P52.67 palitan ng piso sa dolyar para sa taong 2018 kasabay ng malaganap na pagtaas ng interes sa pautang.

Umabot sa \$229 milyon ang inatras na pamumuhunan sa bansa sa simula ng taon, kumpara sa \$58 milyon sa parehong panahon noong 2018. Tinatangka nitong abutin ang P1 trilyong aprubadong pamumuhunan sa bansa bago matapos ang taon. May partikular itong pagtuon ng pansin sa manupaktura. Subalit ang mga pamumuhunang ito ay hindi magsisilbi sa pagpapalakas ng lokal na ekonomya at sa halip ay para lamang sa pangangailangan ng mga dayuhang bansa at korporasyon.

Sa patakarang panlabas, pumapaloob ang rehimen sa mga tagibang at mapanganib na kasunduan sa kalakalan sa pamamagitan ng mga free trade agreement. Kasalukuyan itong nasa proseso ng negosasyon upang mapagtibay ang United States-Philippines Free Trade Agreement (US-PH FTA), ang Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP) kasama ang Tsina, at kasunduan sa South Korea.




Ang tuluy-tuloy na krisis na dulot ng neoliberalismo ay tumitingkad sa higit pang paglaganap ng kahirapan at kagutuman. Ayon sa IBON, 66 milyong Pilipino ang nabubuhay lamang sa humigit-kumulang P125 kada araw. Nananatiling mababa ang tunay na halaga ng sahod na tinatanggap ng mga manggagawa samantalang mula 2010-2015, lumobo nang 220% ang kabuuhan halaga ng ari-arian ng 10 pinakamayayamang Pilipino. Inaasahang tataas pa ang agwat na ito kapag ipinasa bilang batas ang panukalang pagpapaba ng buwis sa mga korporasyon sa sunod na pakete ng Comprehensive Tax Reform Package (CTRP).

Charter Change at Lubusang Pagsuko ng Soberanya at Patrimonya ng Bansa

Hayagang isusuko ng rehimen ang soberanya at patrimonya ng bansa sa walang sagkang dayuhang panghihimasok at pandarambong sa pamamagitan ng pagbago sa Konstitusyong 1987. Ngayon pa lamang napapatampok na ang hakbang-hakbang na pagsuko ng karapatan sa West Philippine Sea at iba pang teritoryo ng bansa.

Minamadali ng US ang pagsasakatuparan ng Cha-Cha upang pahigpitin ang kontrol sa bansa gamit ang ganap na pagpapailalim nito sa neoliberal na patakaran. Sa kumpas ng US, tusong ipinasa ng Mababang Kapulungan sa Huling Pagbasa ang Resolution of Both Houses No. 15 na ibinalangkas ni dating House Speaker Gloria Macapagal-Arroyo noong ika-15 ng Disyembre, 2018.

Itinatakwil din ng estado ang pagtataguyod ng nakakaasa-sa-sariling pambansang ekonomya at paglulunsad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Pinahihintulutan ng panukala ang ganap na dayuhang pagmamay-ari at kontrol sa lupa, likas-yaman at lakas-paggawa, mga pampublikong yutilidad, at maging sa edukasyon at midya. Tinatanggal din ang mga probisyon kaugnay sa seguridad sa paggawa, proteksyon sa mga namamalakaya at karapatan sa librenghang pagpapabaha.



Habang hindi pa nailulusot ang Cha-Cha, hakbang-hakbang nang ilinalatag ng rehimen ang mga kinakailangang paghahanda rito. Noong Oktubre 31, 2018, ilinabas nito ang 11th Foreign Investment Negative List kung saan pinapahintulutan na ang 100% dayuhang pagmamay-ari sa ilang mahahalagang serbisyo at negosyo. Ipinasa ang Philippine Competition Act na nagpapahintulot sa higit na masaklaw na dayuhang kontrol sa mga sosyohan. Ilinusot na rin sa Ikatlong Pagbasa ng Kongreso ang mga panukalang amyenda sa Public Service Act na naglalayong tanggalin ang mga limitasyon sa dayuhang pagmamay-ari lalo sa mga serbisyong telekomunikasyon at transportasyon.

Upang bigyang-daan ang buu-buong neoliberal na pagsasamantala, tinatanggal ng RBH 15 ang saligang prinsipyong nanggagaling sa soberanya o kapangyarihan ng mamamayan ang otoridad ng guberno.

Linilimita na lamang ang

kapangyarihan ito hanggang sa ehersisyo ng halalan. Tinanggal din ang probisyon ng pagtakwil ng estado sa gera bilang patakaran.

Bago pa man tuluyang maipasa ang Cha-Cha, isinuko na ni Duterte ang soberanya ng bansa sa West Philippine Sea kapalit ang mga pautang galing

sa Tsina. Hinayaan niya ang walang habas na reklamasyon ng Tsina sa kabila ng desisyon ng internasyunal na hukumang Arbitral Tribunal na nagsasabing ang mga isla sa Kalayaan ay bahagi ng teritoryo ng Pilipinas. Linagdaan niya ang kontratang "joint oil exploration" na nagbibigay-daan sa tuwirang pandarambong ng Tsina sa mga yamang-likas na matatagpuan sa naturang mga isla. Ang kontratang ito ay kaugnay ng naunang kasunduang "Joint Marine Seismic Undertaking" na pinasok ng rehimen ng Arroyo at ng Tsina noong 2005. Kaugnay nito, inatas ni Duterte ang Executive Order No. 80 upang bigyan ng ligal na batayan ang nasabing kasunduan sa paggalugad ng langis.

Neoliberal na Atake sa Paggawa

Sa ilalim ng rehimen, kinakaharap ng mamamayan ang walang-kapantay na antas ng disempleyo. Ayon sa IBON, mayroong 4.5 milyong Pilipinong walang trabaho.



₱ 996

**KINAKAILANGANG ARAWANG KITA NG ISANG PAMILYA PARA
MAMUHAY NANG DISENTE**

₱ 315*

**MINIMUM NA SAHOD NG
MANGGAGAWA SA BIKOL**

**Higit na mababa ang kita
ng mga nasa sektor ng
agrikultura*



Pinakamatinding tinamaan nito ang sektor ng agrikultura na nawalan ng 1.7 milyong trabaho sa loob lamang ng isang taon. Ang 9.8% tantos ng disempleyo ay nananatiling pinakamataas sa rehiyong ASEAN. Pinananatili rin ng rehimen ang napakababang sahod upang patuloy na makapagkamal ang mga kapitalista ng labis na tubo at makapang-engganyo ng dayuhang pamumuhunan. Nakatatanggap lamang ng abereyds na tunay na halagang P277.87 ang isang manggagawa kada araw sa kabila ng napakataas na halaga ng produktibidad nila. Aabot na sa P1,353.28 kada araw ang halagang katumbas ng kanilang paggawa.

Labis na kapos ang sahod sa kinakailangang kita ng isang pamilya para mabuhay nang disente (family living wage o FLW), na umaabot ng P996.00 para sa isang pamilyang may limang myembro. Patuloy na pinairal ang sistemang rehiyunalisasyon ng sahod sa ilalim ng Regional Tripartite Wage and Productivity Board kung saan ang pinakamahihirap na rehiyon tulad ng Kabikulan ay tumatanggap ng mas mababang sahod. Kulang ang P315 ng isang manggagawang Bikolano para pa lamang sa maghaponing pagkain ng kanyang pamilya. Lalo pang bumababa ang halagang ito dulot ng patuloy na pagtaas ng presyo ng bilihin sa ilalim ng TRAIN Law.

Sa halip na protektahan ang mga manggagawa sa mga mapang-aping kundisyon sa paggawa, ipinanukala pa ang pagpapatupad nito sa pambansang antas. Ginawang lehitimo ng rehimen ang kontraktwalisasyon sa paglabas ng Department Order No. 74 at Executive Order No. 51 na nagbabawal lamang ng kontraktwalisasyon sa mga third-party agency. Pinagkaitan ng karapatang mag-unyon at magwelga, lalong vulnerable ang mga kontraktwal na manggagawa sa abuso. Sa ilalim ng rehimen, libu-libong

manggagawang kontraktwal ang tinanggal sa paggiit na gawin silang regular, tulad ng karanasan sa mga kumpanyang PLDT, Jollibee Foods Corporation at NutriAsia.

Napipinto ring maisabatas ang panukalang compressed workweek na naglalayong isiksik sa apat na araw ang paggawa. Ibinabasura nito ang 8-oras na trabahong napagtagumpayan ng kilusang manggagawa. Pipigain nito ang mga manggagawa sa pribadong sektor sa napakahabang oras ng trabaho nang walang katumbas na dagdag sa sahod.

Lalong lumaki ang yaman ng pinakamamalaking burgesyang kumprador bunga ng patuloy na pagpiga sa masang manggagawa na pinaigting ng mga kontra-manggagawa at maka-kapitalistang patakarang ipinagpapatuloy ng rehimen ng US-Duterte. Noong 2018, umabot sa P2.8 trilyon ang pinagsamang yaman ng 10 pinakamayayamang kumprador sa bansa.

Neoliberal na Atake sa Agrikultura

Itinulak ng mga neoliberal na patakaran ang pagbaha ng mga imported na produktong agrikultural na lumulumpo sa lokal na produksyon. Sa ilalim ng rehimen ng US-Duterte, ipinagpapatuloy ang pag-alis ng tuwirang ayuda sa agrikultura sa mga pangunahing produkto tulad ng bigas, gulay at asukal, sang-ayon sa World Trade Organization-Agreement on Agriculture (WTO-AOA). Bunga nito, itutulak ang kumbersyon at rekonsentrasyon ng lupa sa kamay ng mga panginoong maylupa. Liban dito, isinasagawa ng rehimen ang agresibong pagpapalit-gamit ng pribado at pampublikong lupain.

Isinabatas ang Rice Tarrification Law (RTL) upang bigyang-daan ang walang limitasyong pagdagsa ng imported na bigas sa bansa.

Para sa taong 2017-2022, tinatayang dudoble ang bolyum ng inaangkat na bigas na kalakhan ay manggagaling sa mga malalaking agro-korporasyon sa US, Tsina at iba pang bansa.

Kaakibat ng walang sagkang pagpasok ng imported na bigas, ganap na tinatangal ang tungkulin ng gubyernong suportahan at protektahan ang lokal na produksyon, tulad ng pagbili ng mas maraming bolyum ng lokal na bigas, pagbenta ng murang bigas sa publiko at regulasyon ng presyo nito sa pamilihan. Magresulta ito sa lalong pagbigat ng gastos sa produksyon kasabay ng pagtaas ng presyo ng bigas sa pamilihan.

Habang milyun-milyong magsasaka ng palay ang pinangangambahang mawalan ng kabuhayan, pinahihigpit ng RTL ang pamamayani ng kartel sa bigas. Ibayong mapapailalim sa kanilang kontrol at dikta ang 20 milyong metriko toneladang lokal na produkto. Ginawang lehitimo ng RTL ang sabwatan ng gubyerno at mga kartel sa bigas. Sa atas ng pangulo, maaaring makipagkontrata ang gubyerno sa ilang mga "pribadong komersyante" upang mapadali ang pagbili ng kinakailangang suplay ng bigas sa panahon ng umano ay 'shortage' o kakulangan nito. Arbitraryong maitatakda ng pangulo ang panahon ng kakulangang ito.

Patuloy naman sa pagbagsak ang industriya ng niyog bunga ng kawalan ng suporta at tahasang pagpapabaya ng gubyerno sa mga lokal na magniniyog sa harap ng lumalalang imperyalistang panggigipit at pagsasamantala ng mga panginoong maylupa at malalaking kumprada. Ngayong taon, dumausdos pa ng 45-60% ang napakababa nang lokal na presyo ng kopra.

Sa Kabikulan, na isa sa mga pangunahing prodyuser ng kopra, lalong lumulubha ang kundisyon ng maliliit na magniniyog hatid ng nagpapatuloy na pagpapababa ng presyo ng kopra.

Sa halip na pahupain ang patuloy na pagdausdos ng industriya ng niyog, tahasang itinutulak ng rehimen ang kontra-magniniyog na Coconut Farmers and Industry Development Act (CFIDA). Linalayon ng panukalang batas ang pagsasapribado ng pondo at rekursong mula sa coco levy na hawak ng estado sa halip na

direktang ipamahagi at pakinabangan ng maliliit na magniniyog. Sa dikta ni Duterte, ipauubaya ang pondong coco levy at pondong malilikom sa pribatisasyon para sa interes ng mga malalaking kumprador at panginoong may-lupa.

Pwersahan ding itinatay ang mga magsasaka sa kanayunan at inaagawan ng lupa para sa programang Build, Build, Build at iba pang proyektong panturismo, pang-enerhiya, reklamasyon at pagpapalawak ng operasyong pagmimina at plantasyon.

Ilinabas ng Department of Agriculture noong unang linggo ng Pebrero ang Administrative Order 1, series of 2019 na nag-aatas sa pagpapabilis ng proseso sa pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural tungong komersyal, real estate at industriyal. Ibinaba rin ni Duterte ang Executive Order

No. 74 na naglilipat sa Philippine Reclamation Authority sa ilalim ng Office of the President sa layuning mapabilis ang reklamasyon ng lupa. Tinarget

din ng gubyerno ang magpalawak ng 1.453 milyong hektarya para sa mga plantasyon at pagtanim ng palm oil. Isinabatas din ang Republic Act 11234 na nagpapadali sa pag-apruba ng mga proyekto sa enerhiya. Tinukoy din mismo ni Duterte na prayoridad na isabatas ang National Land Use Act bilang pangkalahatang batas na magbibigay-ligalidad sa malawakang pangangamkam.

Sa Kabikulan, kinahaharap ng ilang libong pamilyang Bikolano ang malawakang dislokasyon hatid ng iba't ibang dambuhalang proyekto, pangunahin ang P275 bilyong PNR South Long Haul o Bicol Express mula Maynila hanggang Sorsogon at ang P700 bilyong Quezon-Bicol Expressway (QBEx). Sa Masbate, planong itayo ang 1,854-ektaryang Masbate Park and Land Development, Inc. (M-Park) na nagkakahalagang P190.19 bilyong piso. Pinaplano na ring saklawin ng operasyon ng Filminera Mining ang mga bayan ng Mobo, Uson, Cawayan at Dimasalang sa parehong prubinsya.

Sa Naga, sinimulan na ang demolisyon sa mga komunidad ng Balatas upang bigyang-daan ang proyektong Naga Circumferential Road. Pinagbabawalan at tahasang pinapaalis sa kanilang kabuhayan ang mga masang mamamalakaya upang bigyang daan ang

malawakang reklamasyon at pagpasok ng mga malalaking komersyal na pangisdaan sa mga golpo ng Ragay, Lagonoy at Albay, mga look ng San Miguel at Tabaco. Sa mga baybayin ng Burias, Claveria at San Pascual, madalas ang mga operasyon ng pulis sa ilalim ng Provincial Operation for Socio-Economic Development Against Crime (POSDAC) kung saan hinuhuli ang mga mangingisda, sinusunog at winawasak ang kanilang mga bangka at kagamitang pangisda.

Upang pagtakpan ang talamak na pang-aagaw ng lupa at pangwawasak sa kabuhayan sa kanayunan, nagpapalabas si Duterte ng mga huwad at pekeng distribusyon ng lupa at ipinagmayabang ito sa harap masang Masbatenyo noong Enero 9. Magpasahanggang ngayon, wala pa ni isang kamaong lupa ang naipapamahagi mula sa mga pribadong rantso sa prubinsya. Sa halip, ilinabas niya ang Executive Order No. 75 na nag-aatas sa mga kinauukulang ahensya na magtukoy ng mga lupang pagmamay-ari ng gubyerno para sa huwad na distribusyon. Ang mga tinutukoy na lupain sa Masbate ay ang mga nabawi ng kilusang magsasaka ng Masbate mula sa kamay ng mga rantsero. Sa ilalim ng EO 75, oobligahin silang pumaloob sa amortisasyon ng lupaing dekada na nilang linilina at ginawang produktibo.



Neoliberal na Atake sa Kabuhayan: Pasaning Buwis sa Mahihirap at Pribatisasyon ng Panlipunang Serbisyo

Sang-ayon sa neoliberal na patakarang paghihigpit, ipinatutupad ang anti-mamamayang reporma sa buwis sa ilalim ng Comprehensive Tax Reform Package (CTRP). Isinabatas ang unang bahagi nito, ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion o TRAIN Law. Sa bisa nito, ipinataw ang buwis sa mga produkto at serbisyong batayang pangangailangan ng naghihirap na mayorya ng sambayanan. Pangunahing linalaman ng TRAIN ang pagpataw ng buwis sa mga produktong petrolyo.

Higit isang taon matapos ipasa ang batas, pinapasan ng pinakamahihirap sa bansa ang epekto nito. Noong Oktubre 2018 ng nakaraang taon, naitala sa rehiyong Bicol ang pinakamataas

na tantos ng implasyon na umabot sa 10.1%. Walang lubay ang pagtaas ng presyo ng bilihin sa kabila ng patuloy na humihinang kakayanan ng mamamayang gumastos. Lalo pa itong tataas sa pagpapatupad ng pangalawang bahagi ng dagdag buwis sa langis. Ngayong Marso 2019, umaabot na sa P3.5 ang dagdag buwis sa diesel at P3.10 para sa gasolina. Ayon sa IBON, nabawasan ng P3300-P7300 ang kita ng 50% pinakamahihirap na pamilyang Pilipino sa unang taon pa lamang ng pagpapatupad ng TRAIN habang walang makabuluhang pagtaas ng sahod.

Taliwas sa pahayag na ilalaan ang 30% ng malilikom mula sa TRAIN para sa mga batayang serbisyong panlipunan, kinaltasan pa ang badyet ng gubyerno ngayong taon para sa kalusugan, edukasyon, agrikultura at pabahay. Sa halip na itaas ang antas ng kabuhayan, nagpapatuloy ang walang habas na pribatisasyon at komersyalisasyon ng serbisyong panlipunan at mga pampublikong yutilidad. Isinabatas kamakailan ang Universal Health Care Act na nagsasailalim ng pangkalahatang serbisyong pangkalusugan ng bansa sa sistemang insurance ng PhilHealth. Binibitawan ng estado ang tungkuling gawing libre ang serbisyong pangkalusugan habang sinusuhayan ang malaganap na pribatisasyon ng mga pampublikong hospital at iba pang institusyong pangkalusugan. Samantala, pinalala lamang ng K to 12 ang sistema ng edukasyon. Limang taon matapos isabatas, pinaigting lamang ng programa ang pribatisasyon subalit nananatiling malawakan ang kakulangan ng kagamitan at pasilidad, mababa ang kalidad ng kurikulum at mataas ang kawalan ng trabaho sa mga bagong gradweyt. Nagkakasya ang gubyerno sa pagsasabatas ng mga huwad na programang susugpo diumano sa kahirapan. Ipinasa nito ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) bilang permanente at pambansang estratehiya sa pagsugpo ng kahirapan. Sa tabing ng pagkilala sa mga karapatan ng mahihirap sa ilalim ng Magna Carta for the Poor, lubusang binitawan ang tungkuling pahasayin ang serbisyong panlipunan sa pamamagitan ng pag-iinstitusyunalisa ng iba pang mga programang limos na lalo lamang nagbabaon ng kabang bayan sa utang.



Ibayong kapinsalaan ang hatid ng pagsasapribado ng mga pangunahing serbisyo sa Kabikulan. Patuloy na linalamon ng mga pribadong kumpanya ang serbisyo ng kuryente at inuming tubig sa rehiyon. Talamak na brownout at napakataas na singil sa kuryente ang idinulot ng pagsasapribado ng Albay Electric Cooperative (ALECO). Samantala, nag-aabang ang Aboitiz sa pagpapatupad ng panukalang isahang suplay ng kuryente sa buong rehiyon sa ilalim ng Bicol Lights. Perwisyo at napakataas na bayarin ang dulot ng monopolyo sa suplay ng inuming tubig ng PrimeWater sa Camarines Norte at pribadong suplayer sa Catanduanes.

Mapangwasak na Build, Build, Build (BBB)

Kakambal ng TRAIN ang pinakamagastos na programang imprastruktura sa kasaysayan, ang P8.4 trilyong programang BBB. Sa tabing ng pag-unlad ng bansa at paglikha ng trabaho, layunin ng BBB ang pagtatayo ng mga imprastruktura para sa kapakinabangan ng malalaking dayuhan at lokal na negosyo. Samantala, magpapasasa ang pangkating Duterte sa bilyun-bilyong kurakot mula sa malalaking kontrata.

Hindi nakabalangkas ang BBB upang magluwal ng mga industriya at palakasin ang agrikultura. Nakatuon ang 75 banderang proyekto at 61 pang bagong proyekto sa pagpapadali ng operasyon at mobilidad ng malalaking negosyong multinasyunal at lokal. Bukod rito, nakakonsentra ang mga proyekto sa National Capital Region, Gitnang Luzon at Timog Katagalugan kung saan matatagpuan ang mga sentrong negosyo at komersyo habang kakarampot lamang ang pondong mapupunta sa mga pinakamahihirap na rehiyon. Inaasahang gagastos ng kabuuhanang P2.65 trilyon para sa mga proyektong ito.

Puspasang isinasagasa ng rehimen ang BBB sa kabila ng kawalan ng rekurso at pondo para isustine ito. Ibinaba nito ang Administrative Order No. 6, s. 2017 na nagpapawalang-bisa sa kautusang pagtitipid ng gubyrerno sa paggastos. Sa kalagitnaan pa lamang ng termino ni Duterte, umabot na sa P1.64 trilyon ang nagastos para sa imprastruktura o katumbas ng 4% ng GDP. Lagpas ito sa itinakdang target ng rehimeng US-Duterte at higit pa sa kabuuhanang nagastos ng rehimeng BS Aquino. Pinatindi rin nito ang iskemang public-private partnerships (PPP)

kung saan ang gubyrerno ang magpopondo sa konstruksyon habang ang pribadong kontraktor ang tutubo sa operasyon at pagmantine ng imprastruktura.

Ayon sa National Economic Development Authority, 11 sa 75 proyekto pa lamang ang nasa yugto ng konstruksyon o nakumpleto na. Katumbas ito ng P39.9 bilyon o halos dalawang porsyento pa lamang ng ng kabuuhanang halaga nito. Ang nalalabing mga proyekto ay nasa iba't ibang antas pa lang ng paghahanda o nasa maagang bahagi ng implementasyon.

Itatali ng BBB ang bansa sa malubhang pagkakautang nang walang katiyakang masusustine ang anumang programa ng kaunlaran. Buhat nang simulan ang BBB, nakakaalarmang lumobo ang depisito

at utang ng bansa. Sumipa ng 412% ang nakuhang utang at ayuda ng bansa mula 2016. Kalakhan nito'y bunga ng paglaki ng pag-utang sa imprastruktura na nagtala ng 1,268%. Umabot na sa P1.5 trilyon ang inutang ng gubyrerno at inaasahang madagdagan pa ito ng walang-kapantay na halagang uutangin para sa taong 2019.

Aabot sa \$24 bilyon ang pamumuhunan at pautang sa BBB ng Tsina. Bahagi ito ng estratehiyang 'debtbook diplomacy' ng Tsina kung saan ipinautang nito ang kanyang tigil na kapital at surplus na mga suplay ng bakal at semento at pinapatungan ng napakalaking interes. Bahagi ito ng pamamayagpag ng kanyang pang-ekonomya't pampulitikang kapangyarihan sa Asya-Pasipiko.

Apatnapu't walong porsyento ng halaga ng 75 banderang proyekto ay popondohan ng Tsina. Kapalit nito ay ang kolateral na mga pag-aaring estado. Halimbawa nito ang maanomalyang naipuslit ni Duterteng kontrata para sa Chico River Pump Irrigation Project na nakolateral ang ilang mga susing pag-aari ng bansa tulad ng mga lupaing naikumbert sa kumersyal na gamit at mga pribatisadong propyedad ng gubyrerno.

Taumbayan ang papasan ng trilyong gastusin at utang ng BBB sa pamamagitan ng mataas na buwis at singil sa serbisyo. Maihahalintulad ito sa "Golden Age of Infrastructure" ng rehimeng US-Marcos, na hanggang ngayon ay binabayaran at babayaran pa ng ilang henerasyon ng mamamayang Pilipino.

Pinakikinabangan ng pamilyang Marcos at mga kroni nito ang nakuhang kurakot at patuloy na ginagamit sa kanilang pagpapanatili ng impluwensya at kapangyarihan.

Tiniyak na mapupunta sa mga kasosyo ng pangkating Duterte at sa mga nagpautang na bansa ang mga malalaking kontrata para sa BBB. Pinaghahati-hatian ngayon ng mga grupo ng Ayala, Cojuangco-Ang (San Miguel Corporation o SMC), Pangilinan (MVP) at Saavedra-Cosiquien (Megawide) ang P323.06 bilyong halaga ng mga naibigay na kontrata sa PPP. Mayroon pang daang-bilyong mga proyektong PPP ang nakasalang at inaasahang paghati-hatian din ng mga korporasyong ito. Kabilang dito ang mga daang-bilyong halaga ng mga proyektong BBB sa rehiyon, tulad ng Bicol Express (Tsina), QBEx (SMC) at Bicol International Airport. Linalayon ng mga proyektong ito na pagsilbihin ang rehiyon bilang isa sa mga sentrong dugtungan ng komersyo at kalakalan sa buong bansa. Kaakibat ng mga malalaking proyekto sa transportasyon ang pagtatayo ng iba't ibang proyekto sa komersyo, eko-turismo, minahan at plantasyon.

Bukod sa malalaking kontrata at singil sa imprastruktura, tiyak ang ganansya ng mga dayuhang korporasyon at lokal na oligarko dahil ginagarantiyahan mismo ng gubyrno anumang kulang sa tubo ng mga kontraktor sa porma ng mga sovereign guarantees. Iba pa rito ang pakinabang mula sa mga negosyong mailuluwal sa mga naturang imprastruktura.

Walang saysay ang imprastruktura kung hindi ito nakabalangkas sa isang ekonomyang tunay na nagsisilbi sa mamamayan at hindi sa dayuhang kapital. Sa karanasan ng rehiyon, nananatiling isa sa pinakamahihirap na mamamayan ang masang Bikolano sa kabila ng mga nagdaang dambuhalang proyekto sa rehiyon.


Pasismo at Terorismo upang Patindihin ang Panghuhuthot at Pambubusabos sa ilalim ng Kaayusang Neoliberal

Sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, ipinamamarali at sinusuportahan ng mga naghaharing-uri ang lantarang pasismo at teroristang atake ng estado. Buu-buo nilang pinalalawak ang sibilyang-junta, ilinulunsad ang gerang mapanupil at pinaiiral ang batas militar upang pahupain ang paglaban ng mamamayan sa walang sagkang pagpapatuloy

ng neoliberal na imposisyon. Idinulot nito ang malawakang paglabag sa karapatang tao at kultura ng kawalang pananagutan.

Sa kanayunan, ilinulunsad ng AFP at PNP ang mga nakapokus at sustenidong operasyong militar laban sa Bagong Hukbong Bayan lalo sa mga komunidad ng magsasaka at minorya upang bigyang-daan ang pagtatayo ng mga negosyo at malalaking proyekto sa ilalim ng BBB. Dinarahas, inaakusahan bilang mga rebelde, binabarahan ang daluyan ng pagkain at ekonomya, sapilitang pinalilikas, binubomba at pinapaslang ang masang nagtatanggol sa kanilang mga sakahan at lupang ninuno. Sa Kabikulan, pinokusang mga operasyong Peace and Development Teams (PDT) sa ilalim ng Joint Task Force Bicolandia ang mga bayang pagtatayuan ng mga proyektong BBB, sinasaklaw ng dayuhang pagmimina at tinatantyang balwarte ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa kalunsuran, pinatitindi ang kampanyang crackdown sa ligal-demokratikong kilusang masa. Marahas na binubuwag ang mga welga ng manggagawa sa pabrika, plantasyon, at mina habang hinaharas ang mga lider-union at aktibistang manggagawa. Malawakang dinedemolis ang mga kabahayan sa mga komunidad upang bigyang-daan ang malawakang pagpapalayas ng mga maralitang lunsod. Sinusupil ang diwang makabayan ng kabataan at tinatangkang gawing mga bulag



“Tungkulin ng bawat pwersang rebolusyonaryo at ligal-demokratikong pandayin ang pagkakaisa ng mamamayan tungo sa pagsusulong ng pinakamalapad na kilusang anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalista. Itutok ang pinagkaisang lakas ng mamamayan sa pinakapangunahing tagapagpatupad ng mga neoliberal at pasistang hakbangin —ang rehimeng US-Duterte.”

na tagapagtaguyod ng pasismo at karahasan sa pamamagitan ng pagtutalak sa sapilitang Reserve Officers' Training Course sa mga eskwelahan. Ginigipit at sinisiraan ang mga makabayang propesyunal at kawani, laluna ang mga guro na naggigiit ng mataas na sweldo sa pampublikong sektor.

Pwersahang pinagsisilbi ang mga lokal na yunit ng guberno, midya at iba pang sibilyang institusyon sa sibilyang junta.

Pinagtibay ng rehimen ang Oplan Kapanatagan bilang panibago nitong kontra-insurhensyang programa upang patuloy na suhayan ang Batas Militar sa Mindanao at Oplan Tokhang. Nakatuon ang Kapanatagan sa pagsupil sa mga organisasyon at kilusang masa gamit ang masaklaw na kontrol ng militar sa pulis, mga lokal na yunit ng guberno at iba pang mga sibilyang institusyon. Ipinapalaganap ang mga Tokhang-nanlaban na istilo ng pamamaslang gamit ang mga Duterte Death Squad at lehitimong operasyong pulis. Kasabay ng lantarang karahasan, pinatitindi ng mga reaksyunaryong tropa ang paghahasik ng panlilinlang at kampanyang saywar sa pamamagitan ng estratehiyang “buong bayan” o Whole-of-Nation Approach (WoNA) na ipinapatupad ng sibil-militar na junta na National Task Force to End Local Communist Insurgency (NTF).

Sa ilalim ng NTF at WoNA, ang lahat ng plano at programa ng guberno ay sumasang-ayon sa kanyang kontra-insurhensyang pakana at burukrata-kapitalistang interes. Itinalaga nito ang kanyang mga tauhang militar sa halos lahat ng antas ng burukrasya at ginagamit ito upang ipamarali ang mga huwad na programang pangkagalingan tulad ng pekeng distribusyon ng lupa, PhilHealth, Enhanced Comprehensive Local Integration Program, Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA) at 4Ps sa layuning pahinain ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan.

Ilunsad ang Pinakamalalawak na Pakikibang Bayan laban sa Neoliberal at Pasistang Pananalasa!

Hatid ng pinatinding pang-aapi't pagsasamantala at panunupil ng kanilang mga demokratikong karapatan, higit na kinikilala ng sambayanang Pilipino ang kawastuhan ng pagtahak sa landas ng rebolusyonaryong armadong paglaban. Marapat na biguin ang gerang mapanupil sa ilalim ng Oplan Kapanatagan, Batas Militar sa Mindanao at Oplan Tokhang at mga hakbangin ni Duterte upang ganap na maisakatuparan ang kanyang diktadurang pakana at maipagpatuloy ang neoliberal na disenyo.

Tungkulin ng bawat pwersang rebolusyonaryo at ligal-demokratiko na pandayin ang pagkakaisa ng mamamayan tungo sa pagsusulong ng pinakamalapad na kilusang anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalista. Itutok ang pinagkaisang lakas ng mamamayan sa pinakapangunahing tagapagpatupad ng mga neoliberal at pasistang hakbangin—ang rehimeng US-Duterte.

Huwag maglubay sa pagpaunawa at pagpukaw sa masa. Gamitin bawat porma at pagkakataon upang maglunsad ng edukasyon at propaganda upang mabuo ang pinakamalawak na pagkakaisa ng mamamayan. Bigyang-pansin at unawain ang kanilang mga partikular na kalagayan at suliranin at gabayan sila upang organisado itong harapan at mapagtagumpayan. Gawing daluyan ang mga grupong talakayan at pulong pag-aaral upang itaas ang antas ng kanilang kamulatan at isulong ang kanilang kagalingan. Dapat mapahusay at mapabilis ng bawat aktibistang masa, mga kasapi at kadre ng Partido ang daluyan ng datos hinggil sa kalagayang pampulitika at pang-ekonomya at partikular nitong epekto sa mga lokalidad upang maging kongkreto ang propaganda at ahitasyon.



ang mga neoliberal na proyekto ng rehimen.

Dapat pagbayarin ang imperyalistang US bilang arkitekto ng pasismo at terorismo ng rehimen. Kundenahin ang mga hakbanging nitong neoliberal pangunahin ang pagsusulong ng Cha-Cha, panghihimasok-militar sa ilalim ng Oplan Pacific-Eagle Philippines at Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) at militarisasyon sa West Philippine Sea upang tuluyang buksan ang bansa sa dayuhang panghihimasok at pandarambong.

Kasabay ng paglaban sa pasismo at lantarang teroristang karahasan ng estado ay ang masigasig na paglantad

Harapin nang buong tatag ang pasismo at terorismo ng estado. Ilantad ang mga pasistang hakbanging MO 32, EO 70, National ID System at Mandatory ROTC. Ilantad ang mapanlinlang na estratehiyang Whole-of-Nation-Approach at kahungkagan ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP) at ipalaganap ang epekto ng militarisasyon at mga operasyong militar sa buhay at kabuhayan ng masa. Isiwalat ang kontra-insurhensyang pakanang NTF bilang tuntungan ng rehimen upang lubusang ipailalim ang sibilyang burukrasya sa pamumunong militar. Marapat na gabayan ang masa sa paghahanda at paglansag sa pinatinding militarisasyon at operasyong militar sa pamumuno ng Joint Task Force Bicolandia at Regional Task Force na bisig ng NTF. Magbuo ng mga plano at mekanismo sa paglalantad ng mga kaso ng paglabag sa karapatang tao at paghusayin ang sama-samang pagkilos.

Mahigpit na ikawing ang anti-pasistang paglaban sa pakikibakang anti-pyudal at anti-imperyalista. Dapat ipagpatuloy ang pagsusulong ng pakikibakang anti-pyudal upang pandayin ang pinakamalaking pwersang magpapabagsak sa pasistang rehimen—ang uring magsasaka. Sa harap ng krisis sa agrikultura, dinaranas nila ang matinding militarisasyon at abusong militar sa kanilang pagtatanggol ng kanilang karapatan sa lupa. Patuloy nilang iginigiit ang tunay na reporma sa lupa at naglulunsad ng mga paglaban para sa mababang upa sa lupa, pagpawi ng usura, makatwirang presyo ng produkto at mataas na sahod sa manggagawang bukid. Linalaban din nila ang malawakang pangangamkam at pagpapalit-gamit ng lupa upang bigyang-daan

at pagkudena sa mga hakbanging neoliberal. Itaas sa pampulitikang paglaban ang mga kampanyang masa laban sa pahirap na buwis, tumataas na presyo ng bilihin, mababang kita at sahod at dumadausdos na kabuhayan, seguridad at maayos na kalagayan sa trabaho, walang habas na pribatisasyon ng mga panlipunang serbisyo tulad ng kalusugan at edukasyon, deregulasyon at liberalisasyon sa agrikultura, at malawakang pagtataboy sa mga komunidad dulot ng BBB. Ilantad ang mapanlinlang na pamamarali ng huwad na reporma sa lupa at iba pang hungkag na hakbanging nagsusulong umano ng kagalingan ng mamamayan tulad ng Universal Healthcare Act at pagsasapermanente ng 4Ps. Labanan ang pagpapatupad ng mga neoliberal na batas tulad ng RTL at TRAIN at pigilan ang pagpasa ng batas sa pribatisasyon ng coco levy at pagpapababa ng buwis ng mga korporasyon. Pigilan ang pagragasa ng Cha-Cha na nagbibigay daan sa walang sagkang dayuhang pandarambong. Sa Kabikulan, marapat na ipagpatuloy ng masang Bikolano at magkamit ng tagumpay sa mga kampanya tulad ng pagpapataas ng presyo ng kopra at iba pang produktong agrikultural at paglaban sa mga mapangwasak na proyektong imprastruktura at eko-turismo tulad ng Bicol Express at Masbate International Tourism Enterprise and Special Economic Zone (MITESEZ).

Bunga ng desperadong pangunguyapit ni Duterte sa kapangyarihan, tumitindi ang hidwaang pampulitika sa pagitan ng mga reaksyunaryo. Marami na rin mula sa hanay ng lingkod-bayan, militar at pulis ang nasusuklam sa karahasan ng kanilang mga institusyon. Napakainam nitong sitwasyon upang mapalapad pa ang pwersang magpapabagsak sa rehimen ng US-Duterte.



Mapangahas na isulong ang kilusang talsik na itataguyod mula sa pinahigpit na pagkakaisa ng magsasaka, manggagawa at petiburgesya. Buuhin ang malawak na alyansang lokal at idugtong sa pambansang kilusan ng mga manggagawa, magsasaka, mangingisda, propesyunal, empleyado sa pribado at guberno, maliliit na negosyante, mga lokal na upisyal at makabayang kawani at upisyal maging sa hanay ng militar at pulis. Gawing larangan ng aktibismo ang mga komunidad, pagawaan, upisina, eskwelahan, mga tradisyunal na organisasyon at mga institusyon katulad ng midya at simbahan.

Maglunsad ng mga kilos-protesta at mapangahas na magbuo ng iba't ibang anyo ng organisasyong masa.

Isulong ang kagalingan at karapatang sosyo-ekonomiko ng mamamayan habang mahigpit na nagmamatyag laban sa repormismo, ekonomismo, sektoralismo at iba pang tendensyang makapagpapaatras sa rebolusyong kamulatan ng mamamayan. Kasabay nito, patatagin at

palawakin ang kilusang lihim sa kalunsuran. Magpakabihasa sa lihim na manera ng pagkilos nang hindi binibitawan ang mapangahas na pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan.

Ihanda ang lahat ng makabayan at progresibong pwersa sa tuluyang pagsasara ng ligal na daluyan ng mga kahingian ng mamamayan. Masasaligan ng mamamayan ang pinaigting na paglulunsad ng pakikidigmang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan upang lumpuhin ang mersenaryong AFP at PNP na tagapagtiyak ng mga neoliberal na patakaran ng rehimen, at pagbayarin ang pinakamapagsamantalang mga korporasyon, kapitalista at reaksyunaryo.

Sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, nasa paborableng pusisyon ang taumbayan upang magpalakas at tuluyang pabagsakin ang rehimeng US-Duterte. Susi ang tagumpay na ito upang ibayong isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon at ganap na maisakatuparan ang rebolusyong hangarin ng mamamayan tungo sa tunay na panlipunang pagbabago.